# *Bantay Yugto 17*

## *Ang Bantay ay Isang Mabuting Ministro Na Nakikita ang Plano ng Dios Maging Para sa Masama*

***"17 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, Kayo'y hindi makakakita ng hangin, ni kayo'y makakakita man ng ulan; gayon ma'y ang libis na yaon ay mapupuno ng tubig, at kayo'y iinom, kayo at gayon din ang inyong mga baka, at ang inyong mga hayop." (2 Hari 3:17 KJV)***

Ang nasa itaas na Kasulatan ay hinulaan sa pamamagitan ni propeta Eliseo sa tatlong hari ng Juda, Israel, at Edom nang sila'y magkakasamang lumabas upang labanan ang mga Moabita at nagtapos sa kawalan ng tubig. Ating basahin ang buong salaysay:

***"1 Si Joram nga na anak ni Achab ay nagpasimulang maghari sa Israel sa Samaria nang ikalabing walong taon ni Josaphat na hari sa Juda, at nagharing labing dalawang taon. 2 At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON; nguni't hindi gaya ng kaniyang ama, at ng kaniyang ina: sapagka't kaniyang inalis ang haligi na pinakaalaala kay Baal na ginawa ng kaniyang ama. 3 Gayon ma'y lumakip siya sa mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nabat, na ipinagkasala niya sa Israel; hindi niya hiniwalayan. 4 Si Mesa nga na hari sa Moab ay may mga tupa; at siya'y nagbubuwis sa hari sa Israel ng balahibo ng isang daang libong kordero at ng isang daang libong lalaking tupa. 5 Nguni't nangyari nang mamatay si Achab, na ang hari sa Moab ay nanghimagsik laban sa hari sa Israel. 6 At ang haring Joram ay lumabas sa Samaria nang panahong yaon, at hinusay ang buong Israel. 7 At siya'y yumaon, at nagsugo kay Josaphat na hari sa Juda, na nagsasabi, Ang hari sa Moab ay nanghimagsik laban sa akin: yayaong ka ba na kasama ko laban sa Moab upang bumaka? At kaniyang sinabi, Ako'y aahon: ako'y gaya mo, ang aking bayan ay gaya ng iyong bayan, ang aking mga kabayo ay gaya ng iyong mga kabayo. 8 At kaniyang sinabi, Sa aling daan magsisiahon tayo? At siya'y sumagot, Sa daan ng ilang ng Edom. 9 Sa gayo'y yumaon ang hari sa Israel, at ang hari sa Juda, at ang hari sa Edom: at sila'y nagsiligid ng pitong araw na paglalakbay; at walang tubig para sa hukbo, o sa mga hayop man na nagsisisunod sa kanila. 10 At sinabi ng hari sa Israel, Sa aba natin! sapagka't tinawag ng PANGINOON ang tatlong haring ito na magkakasama upang ibigay sa kamay ng Moab. 11 Nguni't sinabi ni Josaphat, Wala ba ritong isang propeta ng PANGINOON, upang tayo'y makapagusisa sa PANGINOON sa pamamagitan niya? At isa sa mga lingkod ng hari sa Israel ay sumagot, at nagsabi, Si Eliseo na anak ni Saphat ay nandito na nagbuhos ng tubig sa mga kamay ni Elias. 12 At sinabi ni Josaphat, Ang salita ng PANGINOON ay sumasa kaniya. Sa gayo'y binaba siya ng hari sa Israel, at ni Josaphat at ng hari sa Edom. 13 At sinabi ni Eliseo sa hari sa Israel, Anong ipakikialam ko sa iyo? pumaroon ka sa mga propeta ng iyong ama, at sa mga propeta ng iyong ina. At sinabi ng hari sa Israel sa kaniya, Hindi; sapagka't tinawag ng PANGINOON ang tatlong haring ito na magkakasama upang ibigay sila sa kamay ng Moab. 14 At sinabi ni Eliseo, Buhay ang PANGINOON ng mga hukbo, na nakatayo ako sa harap niya, tunay na kung wala akong pagtingin sa harap ni Josaphat na hari sa Juda, hindi kita lilingapin, ni titingnan man. 15 Nguni't ngayo'y dalhan ninyo ako ng isang manunugtog. At nangyari, nang ang manunugtog ay tumugtog, na ang kamay ng PANGINOON ay suma kaniya. 16 At kaniyang sinabi, Ganito ang sabi ng PNGINOON, Punuin ninyo ang libis na ito ng mga hukay. 17 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, Kayo'y hindi makakakita ng hangin, ni kayo'y makakakita man ng ulan; gayon ma'y ang libis na yaon ay mapupuno ng tubig, at kayo'y iinom, kayo at gayon din ang inyong mga baka, at ang inyong mga hayop. 18 At ito'y isang bagay na magaan sa paningin ng PANGINOON: kaniya rin namang ibibigay ang mga Moabita sa inyong kamay. 19 At inyong sasaktan ang bawa't bayang nakukutaan, at ang bawa't piling bayan, at inyong ibubuwal ang bawa't mabuting punong kahoy, at inyong patitigilin ang lahat na bukal ng tubig, at inyong sisirain ng mga bato ang bawa't mabuting bahagi ng lupain. 20 At nangyari, sa kinaumagahan, sa may panahon ng paghahandog ng alay, na, narito, humuho ang tubig sa daan ng Edom, at ang lupain ay napuno ng tubig. 21 Nang mabalitaan nga ng lahat na Moabita na ang mga hari ay nagsiahon upang magsilaban sa kanila, ay nagpipisan silang lahat na makapagsasakbat ng sandata at hanggang sa katandatandaan, at nagsitayo sa hangganan. 22 At sila'y nagsibangong maaga nang kinaumagahan, at ang araw ay suminag sa tubig, at nakita ng mga Moabita ang tubig sa tapat nila na mapulang gaya ng dugo: at kanilang sinabi, 23 Ito'y dugo; ang mga hari ay walang pagsalang lipol, at sinaktan ng bawa't isa sa kanila ang kaniyang kasama: ngayon nga, Moab, sa pagsamsam. 24 At nang sila'y dumating sa kampamento ng Israel, ang mga taga Israel ay nagsitindig, at sinaktan ang mga Moabita, na anopa't sila'y tumakas sa harap nila; at sila'y nagpatuloy sa lupain na sinasaktan ang mga Moabita. 25 At kanilang giniba ang mga bayan at sa bawa't mabuting bahagi ng lupain ay naghagis ang bawa't tao ng kaniyang bato, at pinuno; at kanilang pinatigil ang lahat ng bukal ng tubig, at ibinuwal ang lahat na mabuting punong kahoy, hanggang sa Cir-hareseth lamang nagiwan ng mga bato niyaon; gayon ma'y kinubkob ng mga manghihilagpos, at sinaktan. 26 At nang makita ng hari sa Moab na ang pagbabaka ay totoong malala sa ganang kaniya ay nagsama siya ng pitong daang lalake na nagsisihawak ng tabak, upang dumaluhong sa hari sa Edom: nguni't hindi nila nagawa. 27 Nang magkagayo'y kinuha niya ang kaniyang pinaka matandang anak na maghahari sana na kahalili niya, at inihandog niya na pinakahandog na***

***susunugin sa ibabaw ng kuta. At nagkaroon ng malaking galit laban sa Israel: at kanilang nilisan siya, at bumalik sa kanilang sariling lupain." (2 Hari 3:1-27 KJV)***

Ang hari ng Israel ay isang masama, at ang hari ng Juda ay sinamahan siya na yumaon at labanan ang mga Moabita. Kasama nila ang bayan ng Edom, Mula sa sinabi ni Eliseo kay Jeroam ang hari ng Israel makikita natin na ang Dios ay hindi nalulugod sa kanya, ***"14 At sinabi ni Eliseo, Buhay ang PANGINOON ng mga hukbo, na nakatayo ako sa harap niya, tunay na kung wala akong pagtingin sa harap ni Josaphat na hari sa Juda, hindi kita lilingapin, ni titingnan man." (2 Hari 3:14 KJV)*** Si Eliseo ay propeta na may Salita ng Dios gaya ng sinabi ni Jehosapat. ***"Ang salita ng PANGINOON ay sumasa kaniya. Sa gayo'y binaba siya ng hari sa Israel, at ni Josaphat at ng hari sa Edom." (2 Hari 3:12 KJV)*** Kaya't sinabi niya sa kanila ang Salita ng Dios; na ililigtas sila ng Panginoon mula sa kasalukuyang kaguluhan na napapaloob sila, mula sa kawalan ng tubig at sa hukbo ng mga Moabita. ***"17 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, Kayo'y hindi makakakita ng hangin, ni kayo'y makakakita man ng ulan; gayon ma'y ang libis na yaon ay mapupuno ng tubig, at kayo'y iinom, kayo at gayon din ang inyong mga baka, at ang inyong mga hayop. 18 At ito'y isang bagay na magaan sa paningin ng PANGINOON: kaniya rin namang ibibigay ang mga Moabita sa inyong kamay. 19 At inyong sasaktan ang bawa't bayang nakukutaan, at ang bawa't piling bayan, at inyong ibubuwal ang bawa't mabuting punong kahoy, at inyong patitigilin ang lahat na bukal ng tubig, at inyong sisirain ng mga bato ang bawa't mabuting bahagi ng lupain." (2 Hari 3:17-19 KJV)***

Si Eliseo bilang bantay ay kayang makita ang paglingap ng Dios para sa mga hari at sa Kanyang pagliligtas sa kanila. Ibinahagi niya iyon sa kanila. Tiyak ang Dios ay hindi masaya kay haring Jehoram at tiyak ang Dios ay hindi masaya na si Haring Jehosapat at yumaon kasama ng hukbo ng Juda upang tulungan siya. Ngunit iniligtas sila ng Dios mula sa kawalan ng tubig at pinagkalooban ng tagumpay laban sa mga Moabita.

Maraming mga Cristiano sila'y namumuhay ay sa isang makasalanang buhay tulad ni Jehoram na anak ni Ahab, at maraming mga Cristiano na tulad ni Jehosapat sila'y hindi matalino at mabuti sa kanilang pangangasiwa, sa pamamagitan ng pananatili ng kauganayan at suporta sa mga gumagawa ng masama at inilagay ang kamay at nakipagkasundo sa hindi mga mananampalataya o makasalanang mananampalataya at tumanggap ng suporta mula sa kanila at makipagtulungan sa kanila. Tiyak na nakita natin na ang Dios ay hinid masaya sa nabanggit na mga hari. Ngunit binigyan at tinulungan sila ng Dios upang makalaya at maligtas sila. Bakit tinulugan pa rin sila ng Dios sa kabila ng kanilang mga pagkukulang? Sinabi ni Jesus, ***"sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap." (Mateo 5:45 KJV)*** Hindi natin maaring tanungin ang Dios o makiaalam sa Kanyang mga paraan. Bilang mga bantay na lalake at babae ng Dios, maaring gaya tayo ni Eliseo nakikita at nakikila ang mga makasalanang mga Cristiano at nakikikompromisong mg mananampalataya. Iyon ay maaring magdulot sa atin ng kalungkutan, kasakitan, galit at paninibugho lalo na kapag nakita natin na tinutustusan at pinagpapala sila ng Dios. Ngunit kailangan nating mapagmasid kung ano ang ginagawa ng Dios, maging mahinahon tulad Niya, at panatilihin ang ating mga puso na puno ng pagibig upang dalhin sila sa pagsisisi, at patuloy na babalaan sila upang talikuran ang kanilang makasalanang gawi ng buhay. ***"43 Narinig ninyong sinabi, Iibigin mo ang iyong kapuwa, at kapopootan mo ang iyong kaaway: 44 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig; 45 Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap. 46 Sapagka't kung kayo'y iibig sa nangagsisiibig lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis? 47 At kung ang mga kapatid lamang ninyo ang inyong babatiin, ano ang kalabisan ng inyong ginagawa? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga Gentil? 48 Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal." (Mateo 5:43-48 KJV)***

***"13 At sinabi ni Eliseo sa hari sa Israel, Anong ipakikialam ko sa iyo? pumaroon ka sa mga propeta ng iyong ama, at sa mga propeta ng iyong ina. At sinabi ng hari sa Israel sa kaniya, Hindi; sapagka't tinawag ng PANGINOON ang tatlong haring ito na magkakasama upang ibigay sila sa kamay ng Moab." (2 Hari 3:13 KJV)*** Sa sinabi ni Eliseo sa hari ng Israel ay mabigat na pagsaway sa kanya nang sinabi niya sa kanya na paumunt sa mga propeta ni Baal ng kanyang inang si Jesebel at ang mga bulaang mga propeta ng kanyang amang si Ahab upang tanungin sila na makaalis mula sa kaguluhan na siya'y napapaloob. Pumunta siya kay Eliseo upang marinig ang Salita ng Dios upang siya'y maligtas. Batid niya rin ang mga propeta ni Baal ni Jesebel at ang mga bulaang propeta ni Ahab ay walang Salita ng Dios. Ang propetang ito ay nagtataguyod ng mga pagsamba sa mga dios-diosan at kapistahang inihandog sa mga dios-diosan, pagpapahintulot ng mga imoralidad, pagpapahintulot sa mga tao na gawin ang kanilang sariling kalooban, sumasabay sila sa mga hiling at gusto ng mga tao upang pasiyahin sila. Maraming mga simbahan sa ngayon ang gumagawa nito at sila'y nahawaan ng mga katulad, pagtataguyod ng mga dios-diosan at kapistahang inihandog sa mga dios-diosan; pagdiriwang ng Bagong Taon at Pasko na mga Santa Claus, Christmas tree, pagdiriwang ng mga kaarawan, anibersaryo ng kasal, at anibersaryo ng pagkamatay, pagdiriwang ng Araw ng Ama at Araw ng Ina, Halloween (Ani), Araw ng mga Santo, Araw ng mga Puso, Buwan ng Pastor, at mga paalam na salu-salo. Ang lahat ng mga

pagdiriwang na ito ay dapat mawala sa ating buhay. At maaring kang magdagdag ng higit pa sa listahan, sapagkat halos bawat kultura at grupo ng etniko ay nagdagdag ng ilang mga dios-diosan at araw ng pagdiriwang, nang walang anumang Batayang Kapulungan ng Bibliya, sa buhay ng simbahan. Gayundin ang itaguyod ang imoralidad tulad ng pagpapahintulot, pagpapatibay at pagtatakip sa magkaibigan na lalaki at babae, pakikipag-date, panliligaw, panonood ng pornograpiya, pagsasama ng di kasal, diborsiyo at muling pag-aasawa, pangangalunya, maraming kasal at labag sa batas na kasal sa pag-aasawa sa mga hindi mananampalataya, at pagtanggap sa isang ama o isang ina na magpakasal sa iba pa kaysa sa ina o ama ng kanyang anak o mga anak. Gayundin ang pagpapahintulot sa mga tao na gawin ang kanilang sariling paraan, pagsuporta sa kanilang kapalaluan, palakaya at pagpapakasikat, kasakiman, pagkamainggitin, at pagmamahal sa pera, pag-aaksaya at labis na paggastos, kasakiman sa pagkain, pagkain nang labis, pagmamahal sa pagkain higit sa Dios, pagbili ng pagkain sa mga restawran sa halip na magluto sa bahay, pagibig sa mga salo-salo at pagdiriwang ngunit pagtanggi sa pag-aayuno, pagkakalulong sa makamundong bagay; pagsasayang ng oras sa TV, YouTube at Facebook. ***"14 Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagka't mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid." (Pahayag 2:14 KJV)*** at gaya sa nangyari at naganap sa simbahan ng Tiatira, ***"20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan. 21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid." (Pahayag 2:20-21 KJV)*** Kaya kung ikaw ay katulad ni Jehoram na anak ni Ahab at sa ganitong sitwasyon at ganitong mga simbahan at natatanggap mo ang pagsaway at pagtutuwid kung gayon ang oras ay dumating sa iyo upang magsisi sa lahat ng gayon at lumabas sa lahat ng ganyang mga makasalanang mga paraan at gawi. * Tumigil sa pang aabuso sa biyaya ng Dios at huwag abusuhin ang Dios kapag binibigyan ka at tinutulungan ka Niya na hindi ibig sabihin na Siya ay masaya sa iyo o pinapayan ang iyong masamang ginagawa.

Kung katulad ka ng Jehoshapat hari ng Juda at narinig mo ang mensahe, kung gayon tumugon sa mensahe at mag-ingat, at itigil ang pakikisama sa mga taong masama at masasamang Cristiano, dahil isang araw kapag ang hatol ng Dios ay ipinadala sa kanila sa gayon masasangkot din ang iyong sarili at masasaktan kasama nila, Kung naligtas ka isa o dalawang beses hindi ibig sabihin na patuloy kang ililigtas ng Dios kung hindi ka makikinig sa babala. Kaya't magsisi at putulin ang lahat ng ganitong ugnayan at relasyon sa masasamang tao. Kaya kailangan mong lumayo sa ganitong uri ng mga tao; wala kang kinalaman sa kanila.

Dapat din nating maalala upang maaliw na darating ang araw na haharapin ng Dios ang ganitong uri ng masasamang mananampalataya at dadalhin sila sa paghuhukom para sa lahat ng kasalanang kanilang ginagawa at sa kanilang hindi pagnanais na magsisi, gaya ng ipinahayag Niya sa simbahan ng Pergamo, ***"16 Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling paririyan ako sa iyo, at babakahin ko sila ng tabak ng aking bibig." (Pahayag 2:16 KJV)*** at gaya nang binalaan Niya at ginawa sa simbahan sa Tiatira, ***"22 Narito, akin siyang iniraratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa. 23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga simbahan na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa." (Pahayag 2:22-23 KJV)***

Bilang mga bantay na lalake at babae kailangang nating ingatan ang ating mga puso, ***"23 Ingatan mo ang iyong puso ng buong sikap; sapagka't dinadaluyan ng buhay," (Kawikaan 4:23 KJV)*** Si Eliseo ay tinawag upang magturo sa mga taong marangya na mas may kakayahan kaysa sa kanya. Taglay niya ang Salita ng Dios na wala sila. Ngunit pinangalagaan niya ang kanyang puso laban sa galit, selos, pagnanasa at kasakiman, at naglingkod siya sa kanila alinsunod sa kagustuhan at desisyon ng Dios. * Maaring tawagin ka ng Dios upang turuan ang mga taong marangya na mas may kakayahan kay sa iyo at marami silang yaman kaysa mayroon ka, Kailangan mong ingatan ang iyong puso tulad ng ginawa ni Eliseo at maprotektahan mula sa kamunduhan, pagka-inngit, pananaghili, pag-iimbot at kasakiman. Sawayin sila ng Salita ng Dios, marahil sila'y magsisi, at tulungan sila sa biyaya ng Dios, at ipahayag sa kanila ang kalooban ng Dios at Kanyang pasya, ang Kanyang paglingap, ang Kanyang proteksyon at mabuting plano Niya para kanila, para sa kanilang buhay at para tanging sitwasyon, at sa paghatol Niya sa kanila kung sila'y hindi magsisisi sa kanilang mga kasalanan. ***"1 Ipinagbibilin ko sa iyo sa paningin ng Dios, at ni Cristo Jesus, na siyang huhukom sa mga buhay at sa mga patay, sa pamamagitan ng kaniyang pagpapakita at sa kaniyang kaharian: 2 Ipangaral mo ang salita; magsikap ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan, sumawata ka, sumaway ka, mangaral ka na may buong pagpapahinuhod at pagtuturo.3 Sapagka't darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral; kundi, pagkakaroon nila ng kati ng tainga, ay magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling mga masasamang pita; 4 At ihihiwalay sa katotohanan ang kanilang mga tainga, at mga ibabaling sa katha. 5 Nguni't ikaw ay magpigil sa lahat ng mga bagay, magtiis ka ng mga kahirapan, gawin mo ang gawa ng evangelista, ganapin mo ang iyong ministerio." (1 Timoteo 4:1-5 KJV)***

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Ang Panginoon ay matuwid sa lahat ng Kanyang pakikiharap. Upang makita ang buong larawan, kailangan nating malaman na hindi papayagan ng Dios na umunlad o mangibabaw ang masasama. Maaaring payagan Niya iyon sa maikling panahon, ngunit sa huli, titiyakin Niya na matutupad ang Kanyang Salita at ang mga masasama ay parurusahan sa kanilang masamang gawain kung tatanggihan nilang magsisi. ***"11 Bukod dito ay dumating sa akin ang salita ng PANGINOON, na nagsasabi, Jeremias, anong nakikita mo? At aking sinabi, Ako'y nakakakita ng isang tungkod na almendro. 12 Nang magkagayo'y sinabi ng PANGINOON sa akin, Iyong nakitang mabuti: sapagka't aking iniingatan ang aking salita upang isagawa. 13 At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin na ikalawa, na nagsasabi, Ano ang iyong nakikita? At aking sinabi, Ako'y nakakakita ng isang palyok na pinagpapakuluan; at paharap sa hilagaan. 14 Nang magkagayo'y sinabi ng PANGINOON sa akin, Mula sa hilagaan ay lalabasin ng kasamaan ang lahat na nananahan sa lupain." (Jeremias 1:11-14 KJV)*** Makikita ng bantay nang tama ang ipinapakita at ginagawa ng Dios. Hindi mawawaglit sa kanya na balang araw parurusahan ng Panginoon ang masasama. Makikita ng bantay nang tama ang ipinapakita at ginagawa ng Dios. Hindi mawawaglit sa kanya na balang araw parurusahan ng Panginoon ang masasama. ***"8 Iyong mamamasdan lamang ng iyong mga mata, at iyong makikita ang ganti sa masama." (Kawikaan 91:8 KJV)*** Bilang mga bantay, dapat nilang makita kung paano harapin ng Panginoon ang masasama, ***"8 Kayo'y parito, inyong masdan ang mga gawa ng PANGINOON, kung anong mga kagibaan ang kaniyang ginawa sa lupa." (Awit 46:8 KJV)*** Kaya magtiwala ka sa Dios at paglingkuran ang mga tao, balaan sila, ipahayag sa kanila ang mensahe ng Dios, ang kalooban ng Dios, ipahayag sa kanila ang kaligtasan ni Cristo, ang Kaniyang probisyon, ang Kaniyang proteksyon, ang Kaniyang mabuting plano para sa kanila, ang Kaniyang muling pagdating at ang Kaniyang paghuhukom kung hindi sila magsisisi sa kanilang mga kasalanan at babaguhin ang kanilang mga gawi.

Tayo ay manalangin….

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagbigay kalinawan sa akin. Panginoon salamat para sa iyong pagtawag sa akin upang paglingkuran ka at abutin ang iba. Panginoon salamat para sa lahat ng pagtutuwid, pagsaway, at sa mga payo mula sa iyong mensahe.*

*Ipagtapat at talikdan ang iyong mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong galit, mapanghusgang pag-uugali, at hindi pagpapatawad. Ipagtapat at talikdan ang iyong pag-aatubiling tumugon sa tawag ng Dios, ang iyong pag-aatubili at mga dahilan sa pagpunta at paghahatid ng mensahe na nais iparating sa iyo ng Dios para sa tiyak na mga natatanging bayan ng Dios. Ipagtapat at talikdan ang iyong makalupang pag-iisip, kasakiman, pagnanasa, inggit at selos. Ipagtapat at talikdan ang iyong mga imoralidad at pakikilahok sa mga piging na inaalay sa mga diosdiosan. Ipagpagtapat ang iyong katiwalian, kompromiso, pagpahintulot sa mga kasalanan ng mga tao at ang iyong kagustuhang mapasaya sila at ang iyong takot sa tao. Ipagtapat sa paggaqa ng sarili mong kalooban at hindi ng kalooban ng Dios. Ipagtapat ang iyong ugnayan sa mga hindi mananampalataya at sa mga tinatawag na Cristiano ngunit masama ang kanilang pamumuhay at pag-uugali. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at panalangin at ang pagiging abala at pagsasayang ng oras sa mga kaibigan at sa Media. Panginoon, ako'y nagsisisi, patawarin mo ako sa mga sumusunod na kasalanan ________________________________.*

*Panginoon salamat para sa pagbibigay mo sa akin ng iyong Salita at pagtawag sa akin upang paglingkuran ang mga tao na malayo sa iyo. Panginoon bigyan mo ako ng kahinahunan at malinaw na kaisipan upang maging matatag sa harap ng lahat ng tukso at mapangalagaan ang aking puso nang mabuti upang patuloy at matagumpay kong maipaglingkod sa mga tao sa paraang nais mo na ako ay maglingkod sa kanila, ito lamang ang aking hinihiling at dalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, dalangin ko ang lahat ng kapatid na nagtalaga ng kanilang buhay sa iyo. Panginoon, protektahan mo sila laban sa lahat ng gawain ni Satanas. Panginoon, bigyan mo sila ng higit pang bunga ng Banal na Espiritu, pag-ibig, kapayapaan, kagalakan, pagtitiis, pagtitiyaga, pagpipigil sa sarili, mahabang pagdurusa, kaamuhan at kahinahunan, upang sa kanilang pagkatao ay maging katulad mo, na makita ka ng mga tao sa kanilang buhay. Panginoon, patuloy mong ipagkaloob sa kanila lahat ng kanilang pangangailangan upang patuloy silang makapaglingkod sa iyo.*

*Panginoon dalangin para sa amin bilang simbahan upang maging tagapagpatupad ng iyong Salita at matupad ang mga gawain na itinawag mong gawin namin para sa iyo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay. Panginoon paging dapatin mo kaming mag-evangelio at abutin ang mga bagong mga tao ng mabuting balita at ng mensahe ni JesuCristo. Paginoon paging dapatin kamin magtanim pa ng maraming pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain,*

*sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com